

Bakunang Tdap

Ano ang Kailangan Mong Malaman

(Tetano, Dipterya at Ubong-Dalahit)

Many Vaccine Information Statements are available in Spanish and other languages. See www.immunize.org/vis
Maraming Impormasyong Pahayag sa Bakuna ang makukuha sa Espanyol at ibang wika. Tingnan ang www.immunize.org/vis

1 Bakit magpapabakuna?

Ang **tetano, dipterya at ubong-dalahit** ay mga napamalang sakit. Mapoprotektahan tayo ng bakunang Tdap sa mga sakit na ito. At ang bakunang Tdap na binigay sa mga buntis na kababaihan ay makakapagbigay proteksiyon sa mga bagong panganak na sanggol laban sa ubong-dalahit.

Ang **TETANO** (Lockjaw) ay bihira sa Estados Unidos ngayon. Nagdudulot it ng masakit na paninikip at paninigas ng muscle karaniwang sa buong katawan.

- Maaaring magdulot ito ng paninikip ng mga muscle sa ulo at leeg kaya hindi mo mabubuksan ang iyong bibig, hindi ka makakalunok o minsan ay hindi rin makakahinga. Ang tetano ay pumapatay sa 1 sa 10 taong naimpeksiyon kahit na makalipas makatanggap ng pinakamahusay na medikal na pag-aalaga.

Ang **DIPTERYA** ay bihira din sa Estados Unidos ngayon. Maaari itong magdulot ng pagbuo ng makapal na coating sa likuran ng lalamunan.

- Maaari itong magdulot ng hirap sa paghinga, pagpalya ng puso, pagkapatay at pagkamatay.

Ang **UBONG-DALAHIT** (Whooping Cough) ay nagdudulot ng malalang pag-uubo, na maaaring magdulot ng hirap sa paghinga, pagsusuka at abalang pagtulog.

- Maaari rin itong magdulot ng pagbawas sa timbang, kawalan ng kontrol sa pag-ihi at pagkabali ng tadyang. Hanggang 2 sa 100 adolescent at 5 sa 100 adult ang may ubong-dalahit ang naospital o may mga komplikasyon, na maaaring kasama ang pulmonya o pagkamatay.

Ang mga sakit na ito ay dulot ng bakterya. Ang dipterya at ubong-dalahit ay nakakahawa sa mga tao sa pamamagitan ng mga sikresyon mula sa pag-ubo o pagbahing. Nakakapasok ang tetano sa katawan sa pamamagitan ng mga hiwa, gasgas o sugat.

Bago ang mga bakuna, hanggang 200,000 kaso ng dipterya, 200,000 kaso ng ubong-dalahit at daan-daang kaso ng tetano ang nauulat sa Estados Unidos bawat taon. Mula noong nagsimula ang pagbabakuna, ang mga ulat ng mga kaso ng tetano at dipterya ay bumaba ng mga 99% at sa ubong-dalahit ng mga 80%.

2 Bakunang Tdap

Mapoprotektahan ng bakunang Tdap ang mga adolescent at adult mula sa tetano, dipterya at ubong-dalahit. Ang isang dosis ng Tdap ay rutinang binibigay sa edad na 11 o 12. Ang mga taong *hindi* nakakuha ng Tdap sa edad na iyon ay dapat makakuha nito sa lalong madaling panahon.

Lalong mahalaga ang Tdap sa mga propesyonal sa pag-aalaga ng kalusugan at sinumang may malapitang ugnayan sa sanggol na mas bata sa 12 buwan.

Ang mga babaeng buntis ay dapat makakuha ng dosis Tdap sa **bawat pagbubuntis**, para protektahan ang bagong panganak na sanggol mula sa ubong-dalahit. Ang mga sanggol ang pinaka-nasa peligro ng malalang, banta sa buhay na komplikasyon mula sa ubong-dalahit.

Ang isa pang bakuna, tinatawag na Td, ay nagbibigay proteksiyon laban sa tetano at dipterya pero hindi sa ubong-dalahit. Ang Td booster ay dapat maibigay kada 10 taon. Dapat ibigay ang Tdap bilang isa sa mga booster na ito kung hindi ka pa nabibigyan ng Tdap dati. Maaari ring ibigay ang Tdap makalipas ang malalang hiwa o pagkasunog para maiwasan ang impeksiyong tetano.

Ang doktor mo o ang taong nagbibigay sa iyo ng bakuna ay makakapagbigay sa iyo ng karagdagang impormasyon.

Ang Tdap ay maaaring ligtas na ibigay kasabay ng ibang mga bakuna.

3 Ang ilang tao ay hindi dapat magpapabakuna nito

- Ang taong nagkaroon na ng banta sa buhay na allergic na reaksiyon matapos ang dating dosis ng anumang bakunang para sa dipterya, tetano o ubong-dalahit, O may malalang allergy sa anumang bahagi ng bakunang ito, ay hindi dapat magpapabakuna ng Tdap. Sabihin sa taong nagbibigay ng pagbakuna ang tungkol sa anumang mga malalang allergy.
- Ang sinumang na-coma o nagkaroon ng matatagal na umuulit na seizure sa loob ng 7 araw makalipas ang pambatang dosis ng DTP o DTaP, o dating dosis ng Tdap, ay hindi dapat kumuha ng Tdap, maliban kung ang dahilan maliban sa pagbakuna ay nakita. Maaari pa rin silang kumuha ng Td.
- Kausapin ang doktor kung ikaw ay:
 - may mga seizure o ibang problema sa sistema ng nerbiyo,
 - nagkaroon ng malalang pagkirot o pamamaga matapos ang anumang bakunang naglalaman ng dipterya, tetano o ubong-dalahit,
 - nagkaroon ng kundisyong tinatawag na Guillain-Barré Syndrome (GBS),
 - hindi mabuti ang pakiramdam sa araw kung kailan nakatakda ang pag-iniksiyon.

4 Mga Peligro

Sa anumang gamot, kasama ang mga bakuna, may pagkakataong magkaroon ng mga side effect. Karaniwan itong banayad at kusang nawawala. Posible rin ang mga malalang reaksiyon ngunit bihira.

Karamihan ng mga taong nakakatanggap ng bakunang Tdap ay walang problema dito.

Mga banayad na problema kasunod ng Tdap (*Hindi nakaabala sa mga aktibidad*)

- Kirok kung saan ininiksiyonan (mga 3 sa 4 na adolescent o 2 sa 3 adult)
- Pamumula o pamamaga kung saan ininiksiyonan (mga 1 tao sa 5)
- Sinat na hindi bababa sa 100.4°F (hanggang 1 sa 25 adolescent o 1 sa 100 adult)
- Sakit ng ulo (mga 3 o 4 na tao sa 10)
- Kapaguran (mga 1 tao sa 3 o 4)
- Pagduruwal, pagsusuka, pagtatae, sakit ng tiyan (hanggang 1 sa 4 na adolescent o 1 sa 10 adult)
- Pagkaginaw, masasakit na kasu-kasuan (mga 1 tao sa 10)
- Pananakit ng katawan (mga 1 tao sa 3 o 4)
- Pagbubutlig, mga namamagang gland (bihira)

Mga katamtamang problema kasunod ng Tdap (*Nakaabala sa mga aktibidad, pero hindi nangailangan ng medikal na atensiyon*)

- Kirok kung saan ininiksiyonan (hanggang 1 sa 5 o 6)
- Pamumula o pamamaga kung saan ininiksiyonan (hanggang 1 tao sa 15 na adolescent o 1 sa 12 adult)
- Lagnat na mahigit sa 102°F (mga 1 sa 100 adolescent o 1 sa 250 adult)
- Sakit ng ulo (mga 1 sa 7 adolescent o 1 sa 10 adult)
- Pagduruwal, pagsusuka, pagtatae, sakit ng tiyan (hanggang 1 o 3 tao sa 100)
- Pamamaga ng buong braso kung saan ininiksiyunan (hanggang mga 1 sa 500)

Malalang problema kasunod ng Tdap (*Hindi makagawa ng mga karaniwang aktibidad; kailangan ng medikal na atensiyon*)

- Pamamaga, malalang kirot, pagdurugo at pamumula sa braso kung saan ininiksiyunan (bihira).

Mga problemang maaaring maganap makalipas ang anumang pagbakuna:

- Hinihimatay minsan ang mga tao makalipas ang medikal na procedure, kasama ang pagbakuna. Ang pag-upo o paghiga ng 15 minuto ay makakatulong na maiwasan ang pagkahimatay, at mga pinsalang dulot ng pagkatumba. Sabihin sa doktor mo kung nahihilo ka o may pagbabago sa paningin mo o ringing sa tainga.
- Ang ilang tao ay nagkakaroon ng malalang kirot sa balikat at nahihirapang galawin ang braso kung saan ininiksiyunan. Bihira itong nangyayari.
- Ang anumang medikasyon ay maaaring magdulot ng malalang allergic na reaksiyon. Ang mga reaksiyong ito mula sa bakuna ay napakabihira, ine-estimang mas kaunti sa 1 sa isang milyong dosis, at magaganap sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras matapos ang pagbakuna.

Tulad ng anumang gamot, malayo ang pagkakataon na ang bakuna ay magdulot ng malalang pinsala o kamatayan.

Laging sinusubaybayan ang kaligtasan ng mga bakuna. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa: www.cdc.gov/vaccinesafety/

5 Paano kung may malalang problema?

Ano dapat ang hanapin ko?

- Maghanap ng anumang makakaapekto sa iyo, tulad ng mga senyales ng malalang allergic na reaksiyon, napakataas na lagnat o kakaibang pagkilos.
- Maaaring kasama sa malalang allergic na reaksiyon ang pamamanta, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo at panghihina. Karaniwan itong magsisimula ng ilang minuto hanggang ilang oras matapos ang pagbakuna.

Ano ang dapat kong gawin

- Kung sa palagay mo ito ay malalang allergic na reaksiyon o ibang emergency na hindi makakahintay, tumawag sa 9-1-1 o dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital. Kung hindi, tawagan ang iyong doktor.
- Pagkatapos, dapat iulat ang reaksiyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). Maaaring isumite ng doktor mo ang ulat na ito o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito sa pamamagitan ng VAERS web site sa www.vaers.hhs.gov, o sa pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Hindi nagbibigay ang VAERS ng payong medikal.

6 Ang National Vaccine Injury Compensation Program

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) ay isang pederal na programang nilikha para bayaran ang mga tao na maaaring napinsala ng ilang mga bakuna.

Ang mga taong naniniwalang maaari silang napinsala ng bakuna ay maaaring matuto tungkol sa programa at tungkol sa pagsumite ng paghabol sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-338-2382** o pagbisita sa website ng VICP sa www.hrsa.gov/vaccinecompensation. May limitasyon ng oras para maghabol sa kompensasyon.

7 Paano pa ako matututo?

- Magtanong sa doktor mo. Mabibigyan ka niya ng insert ng pakete ng bakuna o makakapanmungkahi ng ibang mga pagkukunan ng impormasyon.
- Call your local or state health department.
- Contact the Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
 - Call **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** or
 - Visit CDC's website at www.cdc.gov/vaccines

Vaccine Information Statement

Tdap Vaccine

Tagalog

2/24/2015

42 U.S.C. § 300aa-26

Translation provided by the California Department of Public Health

